ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

LIKSYUNARYO SA PAGTATASA NG LEKSIKAL NA INOBASYON NG MGA MAKABAGONG SALITA SA FILIPINO

Anna Rose Magno Dacillo
Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines

ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng "Liksyunaryo sa Pagtatasa ng Leksikal na Inobasyon ng mga Makabagong Salita sa Filipino" na may layuning matukoy ang antas, ugnayan, at epekto nito sa leksikal na inobasyon at sa pagganap ng mga mag-aaral. Sinuri din ng pananaliksik na ito ang antas ng Liksyunaryo at Inobasyon ng mga Makabagong Salita sa Filipino batay sa mga baryabol at tinaya ang pagganap ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsusulit. Samantala, ginalugad din ang makabuluhang ugnayan ng mga baryabol at ang epekto ng mga ito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Gamit ang Deskriptibong Korelasyonal na disenyo, lumapit ang mananaliksik sa (103) mga mag-aaral mula sa ika-8 baitang sa San Francisco Integrated National High School gamit ang Purposive Sampling Technique. Gumamit ang mananaliksik ng tseklist at pagsusulit bilang pangunahing instrumento at ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang Pearson Product-Moment Correlation at Analysis of Variance upang matukoy ang antas, ugnayan, at epekto ng mga baryabol sa pag-aaral.

Batay sa resulta, ang antas ng Liksyunaryo ng umuusbong na salita at Antas ng Leksikal na Inobasyon ay may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa. Samantala, nakita na ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulit ay may mapaglarawang katumbas na Fairly Satisfactory. Lumabas din na mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Liksyunaryo at leksikal na inobasyon ng umuusbong na salita samantalang walang makabuluhang epekto ang napagmasdan sa pagitan ng Liksyunaryo at pagganap ng mga mag-aaral.

Ipinahihiwatig ng datos na may makabuluhang kaugnayan ang Liksyunaryo sa leksikal na inobasyon kung kaya ang naunang haypotesis ay hindi tinatanggap. Sa kabilang banda, wala itong makabuluhang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral kung kaya ang huling haypotesis ay tinatanggap. Nangangahulugan ito na bagama't nagsisilbing mahalagang sanggunian ang Liksyunaryo sa pagpapalawak ng bokabularyo at pag-unawa sa mga umuusbong na salita, hindi ito sapat na salik upang direktang mapabuti ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Inirerekomenda ng mananaliksik ang masusing pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa nilalaman ng Liksyunaryo upang mapalawak ang bokabularyo at paggamit ng pag-aaral na ito bilang sanggunian upang mas mapayabong pa ang kaalaman sa mga bagong umuusbong na salita sa wikang Filipino.

SUSING SALITA*: Liksyunaryo, Pagtatasa, Leksikal, Inobasyon, Filipino*

1. PANIMULA

Ang wika ay likas sa tao at nagsisilbing pangunahing daluyan ng komunikasyon at pag-unlad ng lipunan. Bilang isang dinamikong sistema, patuloy itong nagbabago at umaangkop sa pangangailangan ng makabagong panahon.

Sa kontekstong ito, umuusbong ang mga bagong salita bilang manipestasyon ng leksikal na inobasyon na hinuhubog ng teknolohiya, globalisasyon, at kulturang popular. Kaugnay nito, ang pagbuo ng isang Liksyunaryo sa pagtatasa ng leksikal na inobasyon ng mga makabagong salita sa Filipino ay nagiging mahalagang sanggunian sa pagtukoy ng kahulugan, gamit, at kabuluhan ng mga salitang ito. Higit pa rito, ang naturang Liksyunaryo ay nagsisilbi ring mabisang kagamitang panturo na sumusuporta sa mga guro at mag-aaral sa mas sistematikong pag-unawa at pagsusuri ng wika sa kontemporanyong diskurso.

Hindi rin maikakaila ang papel ng mga kabataan sa pagbabagong ito. Sa kanilang malikhaing paggamit ng wika sa pamamagitan ng memes, chat messages, at iba pang online content, nagkakaroon ng bagong anyo ng pagpapahayag. Ang ganitong kalakaran ay nagpapatunay na ang wika ay hindi natitinag kundi laging nakikibagay sa panahon.

Sa kabuuan, ang pag-unlad ng wika sa makabagong panahon ay isang malinaw na patunay na ang wika ay buhay. Habang patuloy na umuunlad ang teknolohiya at kultura, patuloy din namang yumayaman ang wika. Ang hamon para sa atin ay ang balanseng paggamit nito, ang pagbibigay-halaga sa ating sariling wika habang nakikiangkop sa mga pagbabagong dulot ng makabagong panahon. Sa ganitong paraan, ang wika ay mananatiling instrumento ng pagkakaisa, identidad, at kaunlaran ng sambayanang Pilipino.

Kaya naman, ang pananaliksik na ito ay naglalayong makapaghatid ng isang materyal na makatutulong sa mga mag-aaral, guro at sino mang gagamit nito na magkaroon ng sapat ng kaalaman hinggil sa mga bagong salita na ginagamit ng kabataan. Sa tulong ng Liksyunaryo, mabubuo ang tulay sa pagitan ng mga henerasyon.

1.1 Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang pananaw at antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa Liksyunaryo ng mga bagong umuusbong na salita sa Filipino.

Sa tulong ng pananaliksik na ito ay nais matiyak ng mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Ano ang antas ng Liksyunaryo ng umuusbong na salita batay sa:
   1.1 Kaalaman sa Salita;
   1.2 Kalinawan ng Kahulugan;
   1.3 Pinagmulan ng Salita;
   1.4 Pag-unawa sa Bagong Salita; at
   1.5 Konteksto ng Paggamit?
2. Ano ang antas ng pagtatasa sa leksikal na Inobasyon batay sa:
   2.1 Pagtanggap ng Tagagamit ng Wika;
   2.2 Pagbabago sa Anyo at Kahulugan;
   2.3 Pagpapalawak ng Bokabularyo;
   2.4 Pagkakaroon ng Interes; at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

2.5 Pagtaas ng Kasanayan?

3. Ano ang antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pagsusulit?

4. May kaugnayan ba ang Antas ng Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita sa Pagtatasa sa Leksikal na Inobasyon?

5. May makabuluhang epekto ba ang Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita sa Pagganap ng mga Mag-aaral?

2. METODOLOHIYA

Gamit ang Deskriptibong Korelasyonal na disenyo, lumapit ang mananaliksik sa (103) mga mag-aaral mula sa ika-8 baitang sa San Francisco Integrated National High School gamit ang Purposive Sampling Technique. Gumamit ang mananaliksik ng tseklist at pagsusulit bilang pangunahing instrumento at ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang Pearson Product-Moment Correlation at Analysis of Variance upang matukoy ang antas, ugnayan, at epekto ng mga baryabol sa pag-aaral.

3. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng paglalahad, pagsusuri, at interpretasyon ng mga datos na nakalap kaugnay ng pag-aaral. Inilalahad dito ang mga resulta batay sa mga kasagutan ng mga respondente, na nagsilbing batayan sa pagtugon sa mga suliraning inilahad sa unang kabanata.

Antas ng Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita

Sa pag-aaral na ito, ang Antas ng Liksyunaryo ng umuusbong na salita ay tumutukoy sa Kaalaman sa Salita, Kalinawan ng Kahulugan, Pag-unawa sa Bagong Salita, Konteksto ng Paggamit, Disenyo at Teknikal na Aspeto.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean*, *standard deviation*, mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng Antas ng Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita ayon sa Kaalaman sa Salita.

Ang unang pahayag na may *M* = 4.43 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1. Nangangahulugan ito na lubos na nauunawaan ang mga salitang ginagamit sa lipunan. Ang ikalawang pahayag naman ay may *M* = 4.43 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.97. Nangangahulugan ito na lubos na madaling natutukoy ang pagkakaiba ng mga salitang magkasingkahulugan. Samantala, ang ikatlong pahayag mayroon ding *M* = 4.43 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.04. Nangangahulugan ito na lubos na madaling natutukoy ang pagkakaiba ng mga salitang magkasingkahulugan. Ang ikaapat na pahayag naman ay may *M* = 4.38 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.93. Nangangahulugan ito na lubos na natututuhan nang madali ang kahulugan ng mga umuusbong na salita. Ang huling pahayag naman ay may *M* = 4.52 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.84. Nangangahulugan ito na lubos na napahahalagahan ang tamang kaalaman sa kahulugan ng mga salita.

Talahanayan 1

Antas ng Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita ayon sa Kaalaman Sa Salita

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Nauunawaan ang kahulugan ng mga bagong salitang ginagamit sa lipunan.	4.43	1.00	Lubos na sumasang-ayon
Natutukoy ang pagkakaiba ng mga salitang magkasingkahulugan.	4.33	0.97	Lubos na sumasang-ayon
Nakikilala ang mga salitang may magkasalungat na kahulugan.	4.33	1.04	Lubos na sumasang-ayon
Natututuhan nang madali ang kahulugan ng mga umuusbong na salita.	4.38	0.93	Lubos na sumasang-ayon
Napahahalagahan ang tamang kaalaman sa kahulugan ng salita.	4.52	0.84	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.40 0.96 Lubhang Mabisa		

Sa kabuuan, ang antas ng Liksyunaryo ng umuusbong na salita ayon sa kaalaman sa salita ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.40 at *standard deviation* na 0.96 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Samakatuwid, mataas ang pananaw ng mga mag-aaral mula sa ikawalong antas ng San Francisco Integrated National High School hinggil sa antas ng Liksyunaryo ng umuusbong na salita batay sa kaalaman sa salita.

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng Antas ng Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita ayon sa Kalinawan ng Kahulugan.

Talahanayan 2

***Antas ng Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita ayon* sa Kalinawan ng Kahulugan**

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Nababatid ang kahulugan ng salita kapag ginagamit sa tamang konteksto.	4.42	0.96	Lubos na sumasang-ayon
Naiintindihan kung malinaw o malabo ang kahulugan ng isang bagong salita.	4.22	0.97	Lubos na sumasang-ayon
Nakatutulong ang pagbibigay ng halimbawa sa pagpapalinaw ng salita.	4.60	0.93	Lubos na sumasang-ayon
Napalilinaw ang kahulugan ng salita kapag ipinapaliwanag ng guro.	4.59	1.00	Lubos na sumasang-ayon
Napahahalagahan ang malinaw na kahulugan ng mga salita sa pag-aaral.	4.47	0.98	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.46 0.97 Lubhang Mabisa		

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ang unang pahayag na may *M* = 4.42 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.96 Nangangahulugan ito na lubos na nababatid ang kahulugan ng mga salita kapag ginagamit sa tamang konteksto. Ang ikalawang pahayag naman ay may *M* = 4.42 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.96. Nangangahulugan ito na madaling nauunawaan kung malilnaw o malabo ang kahulugan ng isang bagong salita. Samantala, ang ikatlong pahayag mayroon ding *M* = 4.60 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.93. Nangangahulugan ito na lubhang nakatutulong ang pagbibigay ng ng halimbawa sa pagpapalinaw ng sallita. Ang ikaapat na pahayag naman ay may *M* = 4.59 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1. Nangangahulugan ito na lubusang napalilinaw ang kahulugan ng salita kapag ipinapaliwanag ng guro. Ang huling pahayag naman ay may *M* = 4.47 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.98. Nangangahulugan ito na lubos na napahahalagahan ang malinaw na kahulugan ng mga salita sa pag-aaral.

Bilang paglalahat, ang antas ng Liksyunaryo ng umuusbong na salita ayon sa kalinawan ng kahulugan ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.46 at *standard deviation* na 0.97 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Ipinapakita ng mga datos na mataas ang pananaw ng mga mag-aaral mula sa ikawalong antas ng San Francisco Integrated National High School hinggil sa antas ng Liksyunaryo ng umuusbong na salita batay sa kalinawan ng kahulugan ng mga salita.

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng Antas ng Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita ayon sa Pag-unawa sa Bagong Salita.

Ang unang pahayag na may *M* = 4.30 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.96 Nangangahulugan ito na lubos na nauunawaan ang mga salitang ginagamit ng kabataan sa kasalukuyan. Ang ikalawang pahayag naman ay may *M* = 4.17 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.12. Nangangahulugan ito na madaling nakukuha ang kahulugan ng mga bagong salita sa social media. Samantala, ang ikatlong pahayag mayroon ding *M* = 4.53 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.85. Nangangahulugan ito na lubos na nababatid ang kahulugan ng salita batay sa sitwasyon. Ang ikaapat na pahayag naman ay may *M* = 4.43 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.08. Nangangahulugan ito na lubhang nakatutulong sa pakikipagkomunikasyon ang pag-unawa sa bagong salita. Ang huling pahayag naman ay may *M* = 4.33 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.05. Nangangahulugan ito na lubos na nabibigyang-halaga ang mabilis na pag-unawa sa bagong salita.

Talahanayan 3

Antas ng Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita ayon sa Pag-unawa sa Bagong Salita

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Nauunawaan ang mga salitang ginagamit ng kabataan sa kasalukuyan.	4.30	0.96	Lubos na sumasang-ayon
Nakukuha nang madali ang kahulugan ng mga bagong salita sa social media.	4.17	1.12	Sumasang-ayon
Nababatid ang kahulugan ng salita batay sa sitwasyon.	4.53	0.85	Lubos na sumasang-ayon
Nakatutulong sa pakikipagkomunikasyon ang pag-unawa sa bagong salita.	4.43	1.08	Lubos na sumasang-ayon
Nabibigyang-halaga ang mabilis na pag-unawa sa bagong salita.	4.33	1.05	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean	4.35		
SD	1.02		
Berbal na Interpretasyon	Lubhang Mabisa		

Sa kabuuan, ang antas ng Liksyunaryo ng umuusbong na salita ayon sa pag-uanawa sa bagong salita ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.35 at *standard deviation* na 1.02 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Nangangahulugan ito na mataas ang pananaw ng mga mag-aaral mula sa ikawalong antas ng San Francisco Integrated National High School hinggil sa antas ng Liksyunaryo ng umuusbong na salita batay sa pag-unawa sa bagong salita.

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng Antas ng Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita ayon sa Konteksto ng Paggamit.

Talahanayan 4

Antas ng Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita ayon sa Konteksto ng Paggamit

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Nakikilala ang mga pormal at impormal na salita.	4.37	1.03	Lubos na sumasang-ayon
Naiuugnay ang kahulugan ng salita sa taong kausap.	4.28	1.04	Lubos na sumasang-ayon
Nalalaman kung kailan dapat gamitin ang salita sa pormal na sulatin.	4.46	0.99	Lubos na sumasang-ayon
Napapansin kung mali ang gamit ng salita sa usapan.	4.24	1.09	Lubos na sumasang-ayon
Nagagamit ang tamang konteksto ng mga salita sa pakikipagkomunikasyon	4.45	0.97	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean	4.36		
SD	1.02		
Berbal na Interpretasyon	Lubhang Mabisa		

Ang unang pahayag na may *M* = 4.37 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.03 Nangangahulugan ito na lubos na nakikilala ang mga pormal at impormal na salita. Ang ikalawang pahayag naman ay may *M* = 4.28 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.04. Nangangahulugan ito na naiuugnay ang kahulugan ng salita sa taong kausap. Samantala, ang ikatlong pahayag

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

mayroon ding *M* = 4.46 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.99. Nangangahulugan ito na madaling nalalaman kung kailan dapat gamitin ang salita sa pormal na sulatin. Ang ikaapat na pahayag naman ay may *M* = 4.24 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.09. Nangangahulugan ito na madaling napapansin kung mali ang gamit ng salita sa usapan. Ang huling pahayag naman ay may *M* = 4.45 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.97. Nangangahulugan ito na lubos na lubos na nagagamit ang tamang konteksto ng mga salita sa pakikipagkomunikasyon.

Sa kabuuan, ang antas ng Liksyunaryo ng umuusbong na salita ayon sa konteksto ng paggamit ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.36 at *standard deviation* na 1.02 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Nangangahulugan ito na mataas ang pananaw ng mga mag-aaral mula sa ikawalong antas ng San Francisco Integrated National High School hinggil sa antas ng Liksyunaryo ng umuusbong na salita batay sa konteksto ng paggamit.

Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita ng Antas ng Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita ayon sa Disenyo.

Talahanayan 5

Antas ng Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita ayon sa Disenyo

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Nakatutulong ang salita upang mabilis na mahanap ang mga salitang hinahanap sa Liksyunaryo.	4.38	0.99	Lubos na sumasang-ayon
Nahahanap nang madali ang bawat salita dahil malinaw ang pagkakaayos ng nilalaman.	4.57	0.92	Lubos na sumasang-ayon
Nababasa nang madali ang mga salita dahil sa font at sukat nito.	4.41	1.03	Lubos na sumasang-ayon
Natutukoy nang malinaw ang pagkakaiba ng pangunahing salita at kahulugan nito (e.g. bold, kulay).	4.40	0.96	Lubos na sumasang-ayon
Nakaaakit ang disenyo ng pahina o interface nito.	4.38	0.96	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.43 0.97 Lubhang Mabisa		

Ang unang pahayag na may *M* = 4.38 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.99 Nangangahulugan ito na lubos na nakatutulong ang salita upang mabilis na mahanap ang mga salitang hinahanap sa Liksyunaryo. Ang ikalawang pahayag naman ay may *M* = 4.57 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.92. Nangangahulugan ito na madaling nahahanap ang bawat salita dahil malinaw ang pagkaayos ng nilalaman. Samantala, ang ikatlong pahayag mayroon ding *M* = 4.41 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.03. Nangangahulugan ito na madaling nababasa ang mga salita dahil sa font at sukat nito. Ang ikaapat na pahayag naman ay may *M* = 4.40 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.96. Nangangahulugan ito na malinaw na natutukoy ang pagkakaiba ng mga pangunahing salita at kahulugan nito. Ang huling pahayag naman ay may *M* = 4.38 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.96. Nangangahulugan ito na lubos na lubos na nagagamit ang tamang konteksto ng mga salita sa pakikipagkomunikasyon.

Sa kabuuan, ang antas ng Liksyunaryo ng umuusbong na salita ayon sa disenyo ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.43 at *standard deviation* na 0.97 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Nangangahulugan ito na mataas ang pananaw ng mga mag-aaral mula sa ikawalong antas ng San Francisco Integrated National High School hinggil sa antas ng Liksyunaryo ng umuusbong na salita batay sa disenyo.

Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng Antas ng Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita ayon sa Teknikal na Aspekto.

Ang unang pahayag na may *M* = 4.28 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.01 Nangangahulugan ito na nahahanap nang mabilis at episyente ang mga salita sa Liksyunaryo. Ang ikalawang pahayag naman ay may *M* = 4.42 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.96. Nangangahulugan ito na maayos na nakalimbag ang bawat pahina ng Liksyunaryo. Samantala, ang ikatlong pahayag mayroon ding *M* = 4.40 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.94. Nangangahulugan ito na nagagamit nang madali at nagbibigay ng eksaktong resulta ang Liksyunaryo. Ang ikaapat na pahayag naman ay may *M* = 4.45 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.96. Nangangahulugan ito na malinaw na natutukoy ang kahulugan ng bawat salita dahil malinaw ang pagkakaayos ng mga kahulugan nito. Ang huling pahayag naman ay may *M* = 4.26 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.96. Nangangahulugan ito na lubos na lubos na hindi nakaranas ng anumang aberya o error habang ginagamit ang Liksyunaryo.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 6

Antas ng Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita ayon sa Teknikal na Aspeto

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Nahahanap nang mabilis at episyente ang mga salita sa Liksyunaryo.	4.28	1.01	Lubos na sumasang-ayon
Nakalimbag nang maayos ang bawat pahina ng Liksyunaryo.	4.42	0.96	Lubos na sumasang-ayon
Nagagamit nang madali at nagbibigay ng eksaktong resulta ang Liksyunaryo.	4.40	0.94	Lubos na sumasang-ayon
Natutukoy ang kahulugan ng bawat salita dahil malinaw ang pagkakaayos ng mga kahulugan nito.	4.45	0.96	Lubos na sumasang-ayon
Hindi nakaranas ng aberya o error habang ginagamit ang Liksyunaryo.	4.26	0.96	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.36 0.97 Lubhang Mabisa		

Sa kabuuan, ang antas ng Liksyunaryo ng umuusbong na salita ayon sa teknikal na aspekto ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.36 at *standard deviation* na 0.97 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Nangangahulugan ito na mataas ang pananaw ng mga mag-aaral mula sa ikawalong antas ng San Francisco Integrated National High School hinggil sa antas ng Liksyunaryo ng umuusbong na salita batay sa teknikal na aspekto.

Antas ng pagtatasa sa leksikal na Inobasyon

Talahanayan 7

Antas ng Pagtatasa sa Leksikal na Inobasyon ayon sa Pagtanggap ng Tagagamit ng Wika

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Tinatanggap nang madali ang mga bagong salitang ginagamit sa lipunan.	4.27	0.95	Lubos na sumasang-ayon
Nagagamit ang umuusbong na salita sa pakikipag-usap.	4.39	0.96	Lubos na sumasang-ayon
Napaiigting ang komunikasyon sa pamamagitan ng paggamit ng mga bagong salita.	4.28	1.02	Lubos na sumasang-ayon
Tinatatanggap ang mga salitang galing sa ibang wika.	4.27	1.03	Lubos na sumasang-ayon
Natatanggap na ang bagong salita ay bahagi ng pagbabago ng wika.	4.25	1.03	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.29 1.00 Lubhang Mabisa		

Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita ng Antas ng Pagtatasa sa Leksikal na Inobasyon ayon sa Pagtanggap ng Tagagamit ng Wika.

Ang unang pahayag na may *M* = 4.27 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.95 Nangangahulugan ito na tinatanggap nang madali ang mg bagong salitang ginagamit sa lipunan. Ang ikalawang pahayag naman ay may *M* = 4.39 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.96. Nangangahulugan ito na madalas na nagagamit ang mga umuusbong na salita sa pakikipag-usap. Samantala, ang ikatlong pahayag mayroon ding *M* = 4.28 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.02. Nangangahulugan ito na mas napaiigting ang komunikasyon sa pamamagitan ng paggamit ng mga bagong salita. Ang ikaapat na pahayag naman ay may *M* = 4.27 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.03. Nangangahulugan ito na lubos na tinatanggap ang mga salitang galing sa ibang wika. Ang huling pahayag naman ay may *M* = 4.25 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.03. Nangangahulugan ito na lubos na natatanggap na ang mga bagong salita ay bahagi ng pagbabago ng wika.

Sa kabuuan, ang antas ng pagtatasa sa leksikal na inobasyon ayon sa pagtanggap ng mga tagagamit ng wika ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.29 at *standard deviation* na 1 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Nangangahulugan ito na mataas ang pananaw ng mga mag-aaral mula sa ikawalong antas ng San Francisco Integrated National High School hinggil sa antas ng pagtatasa sa leksikal na inobasyon ayon sa pagtanggap ng mga tagagamit ng wika.

Ang Talahanayan 8 ay nagpapakita ng Antas ng Pagtatasa sa Leksikal na Inobasyon ayon sa Pagbabago sa Anyo at Kahulugan.

Ang unang pahayag na may *M* = 4.38 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.01. Nangangahulugan ito na lubos na kapansin-pansin ang pagbabago sa anyo ng mga salita sa paglipas ng panahon. Ang ikalawang pahayag naman ay may *M* = 4.36 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.96. Nangangahulugan ito na madaling nakikita kung paano nagbabago ang kahulugan ng salita depende sa lipunan. Samantala, ang ikatlong pahayag mayroon ding *M* = 4.27 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.03. Nangangahulugan ito na madaling naiintindihan ang dahilan kung bakit nagbabago ang anyo ng mga salita. Ang ikaapat na pahayag naman ay may *M* = 4.21 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.07. Nangangahulugan ito na lubos na naaapektuhan ng teknolohiya ang pagbabago ng kahulugan ng mga salita. Ang huling pahayag naman ay may *M* = 4.22 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.06. Nangangahulugan ito na lubos na nababatid na normal ang pagbabago ng salita sa pag-unlad ng wika.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 8

Antas ng Pagtatasa sa Leksikal na Inobasyon ayon sa Pagbabago sa Anyo at Kahulugan

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Napapansin ang pagbabago sa anyo ng mga salita sa paglipas ng panahon	4.38	1.01	Lubos na sumasang-ayon
Nakikita kung paano nagbabago ang kahulugan ng salita depende sa lipunan.	4.36	0.96	Lubos na sumasang-ayon
Naiintindihan ang dahilan kung bakit nagbabago ang anyo ng mga salita.	4.27	1.03	Lubos na sumasang-ayon
Naaapektuhan ng teknolohiya ang pagbabago ng kahulugan ng mga salita.	4.21	1.07	Lubos na sumasang-ayon
Nababatid na normal ang pagbabago ng salita sa pag-unlad ng wika.	4.22	1.06	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.29 1.02 Lubhang Mabisa		

Sa kabuuan, ang antas ng pagtatasa sa leksikal na inobasyon ayon sa pagtanggap ng mga tagagamit ng wika ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.29 at *standard deviation* na 1.02 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Nangangahulugan ito na mataas ang pananaw ng mga mag-aaral mula sa ikawalong antas ng San Francisco Integrated National High School hinggil sa antas ng pagtatasa sa leksikal na inobasyon ayon sa pagbabago sa anyo at kahulugan ng mga salita.

Ang Talahanayan 9 ay nagpapakita ng Antas ng Pagtatasa sa Leksikal na Inobasyon ayon sa Pagtanggap ng Tagagamit ng Wika.

Ang unang pahayag na may *M* = 4.39 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.03. Nangangahulugan ito na nakadaragdag sa bokabularyo ang mga umuusbong na salita. Ang ikalawang pahayag naman ay may *M* = 4.40 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.98. Nangangahulugan ito na lubos na napalalawak ang pag-unawa sa wika dahil sa bagong salita. Samantala, ang ikatlong pahayag mayroon ding *M* = 4.46 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.98. Nangangahulugan ito na lubos na nakatutulong ang mga bagong salita upang maipahayag ang mga bagong ideya. Ang ikaapat na pahayag naman ay may *M* = 4.38 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 0.93. Nangangahulugan ito na lubos na napaiigting ang pakikipagkomunikasyon ng paggamit ng mga bagong ideya. Ang huling pahayag naman ay may *M* = 4.13 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.12. Nangangahulugan ito na lubhang nakapagpapayaman sa wika ang mga bagong salita.

Talahanayan 9

Antas ng Pagtatasa sa Leksikal na Inobasyon ayon sa Pagpapalawak ng Bokabularyo

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Nakadaragdag sa bokabularyo ang mga umuusbong na salita.	4.39	1.03	Lubos na sumasang-ayon
Napalalawak ang pag-unawa sa wika dahil sa bagong salita.	4.40	0.98	Lubos na sumasang-ayon
Nakatutulong ang bagong salita upang maipahayag ang bagong ideya.	4.46	0.98	Lubos na sumasang-ayon
Napaiigting ang pakikipagkomunikasyon ng paggamit ng mga bagong salita.	4.38	0.93	Lubos na sumasang-ayon
Nakapagpapayaman sa wika ang mga bagong salita.	4.13	1.12	Sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.35 1.01 Lubhang Mabisa		

Sa kabuuan, ang antas ng pagtatasa sa leksikal na inobasyon ayon sa pagtanggap ng mga tagagamit ng wika ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.35 at *standard deviation* na 1.01 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Nangangahulugan ito na mataas ang pananaw ng mga mag-aaral mula sa ikawalong antas ng San Francisco Integrated National High School hinggil sa antas ng pagtatasa sa leksikal na inobasyon ayon sa pagpapalawak ng bokabularyo.

Ang Talahanayan 10 ay nagpapakita ng Antas ng Pagtatasa sa Leksikal na Inobasyon ayon sa Pagkakaroon ng Interes.

Talahanayan 10

Antas ng Pagtatasa sa Leksikal na Inobasyon ayon sa Pagkakaroon ng Interes

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Natututuhan nang madali ang mga bagong salita dahil sa interes.	4.28	1.06	Lubos na sumasang-ayon
Nagiging mas masaya ang pakikipag-usap kapag gumagamit ng bagong salita.	4.17	1.06	Sumasang-ayon
Nakikilala ang mga bagong salita dahil sa interes.	4.32	1.05	Lubos na sumasang-ayon
Naaalala nang epektibo ang salita kapag ito ay bago at kakaiba.	4.25	1.10	Lubos na sumasang-ayon
Napahahalagahan ang pagkatuto sa pamamagitan ng interes sa mga salita.	4.36	1.00	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.28 1.05 Lubhang Mabisa		

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ang unang pahayag na may *M* = 4.28 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.06 Nangangahulugan ito na madaling natututuhan ang mga bagong salita dahil sa interes. Ang ikalawang pahayag naman ay may *M* = 4.17 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.06. Nangangahulugan ito na nagiging mas masaya ang pakikipag-usap kapag gumagamit ng mga bagong salita dahil sa interes. Samantala, ang ikatlong pahayag mayroon ding *M* = 4.32 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.05. Nangangahulugan ito na madaling nakikilala ang mga bagong salita dahil sa interes. Ang ikaapat na pahayag naman ay may *M* = 4.25 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.10. Nangangahulugan ito na epektibong nakikilala ang mga salita dahil sa interes.

Ang huling pahayag naman ay may *M* = 4.36 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.05. Nangangahulugan ito na lubos na natatanggap na ang mga bagong salita ay bahagi ng pagbabago ng wika.

Sa kabuuan, ang antas ng pagtatasa sa leksikal na inobasyon ayon sa pagtanggap ng mga tagagamit ng wika ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.28 at *standard deviation* na 1.05 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Nangangahulugan ito na mataas ang pananaw ng mga mag-aaral mula sa ikawalong antas ng San Francisco Integrated National High School hinggil sa antas ng pagtatasa sa leksikal na inobasyon ayon sa pagkakaroon ng interes.

Ayon kay MacIntyre (2017), natuklasan na ang interes ay may direktang epekto sa willingness ng mag-aaral na gamitin ang bagong salita sa komunikasyon. Sa kabuuan, ang interes ay kritikal sa matagumpay na pagkatuto ng wika.

Ang Talahanayan 11 ay nagpapakita ng Antas ng Pagtatasa sa Leksikal na Inobasyon ayon sa Pagtaas ng Kasanayan.

Ang unang pahayag na may *M* = 4.26 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.04 Nangangahulugan ito na mas nakapagpapataas ng kasanayan sa wika ang paggamit ng mga bagong salita. Ang ikalawang pahayag naman ay may *M* = 4.18 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.13. Nangangahulugan ito na lubhang nakatutulong ang mga bagong salita sa pagpapabuti ng pagsusulat. Samantala, ang ikatlong pahayag mayroon ding *M* = 4.25 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.05. Nangangahulugan ito na lubhang napaiigting ang pagsasalita dahil sa pagkatuto ng bagong salita Ang ikaapat na pahayag naman ay may *M* = 4.25 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1.06. Nangangahulugan ito na lubhang naaapektuhan ng bagong salita ang pag-unlad ng kasanayan sa pakikipagkomunikasyon. Ang huling pahayag naman ay may *M* = 4.41 at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na sinusuportahan ng *SD* = 1. Nangangahulugan ito na lubos na nakapagpapahusay ng kasanayan ang pag-aaral ng bagong salita.

Talahanayan 11

Antas ng Pagtatasa sa Leksikal na Inobasyon ayon sa Pagtaas ng Kasanayan

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Nakapagpapataas ng kasanayan sa wika ang paggamit ng bagong salita.	4.26	1.04	Lubos na sumasang-ayon
Nakatutulong ang mga bagong salita sa pagpapabuti ng pagsusulat.	4.18	1.13	Sumasang-ayon
Napaiigting ang pagsasalita dahil sa pagkatuto ng bagong salita.	4.25	1.05	Lubos na sumasang-ayon
Naaapektuhan ng bagong salita ang pag-unlad ng kasanayan sa pakikipagkomunikasyon.	4.25	1.06	Lubos na sumasang-ayon
Nakapagpapahusay ng kasanayan ang pag-aaral ng bagong salita.	4.41	1.00	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.27 1.05 Lubhang Mabisa		

Sa kabuuan, ang antas ng pagtatasa sa leksikal na inobasyon ayon sa pagtanggap ng mga tagagamit ng wika ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.27 at *standard deviation* na 1.05 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Nangangahulugan ito na mataas ang pananaw ng mga mag-aaral mula sa ikawalong antas ng San Francisco Integrated National High School hinggil sa antas ng pagtatasa sa leksikal na inobasyon ayon sa pagtaas ng kasanayan.

Dagdag pa ni Lightbown & Spada (2018), natuklasan na ang integrasyon ng bagong bokabularyo sa aktuwal na komunikasyon ay nagpapataas ng fluency at accuracy ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ang leksikal na inobasyon ay direktang nakaaapekto sa kasanayang pangwika.

Ang Talahanayan bilang labing-dalawa ay nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit sa kabuoang isang daan at tatlong tagatugon, ang marka na *"90 - 100*" ay nakakuha ng mataas na bilang na dalawampu't isa (21) o 20.39% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Outstanding***.** At ang marka na *"85 - 89"* ay mayroong bilang na lima (5) o 4.85% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Very Satisfactory***.** Habang ang marka na *"80 - 84"* ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na dalawa (35) o 31.07% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Satisfactory*.

Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pagsusulit

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 12

Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pagsusulit

Puntos	***Pagsusulit***		**Paglalarawan**
	f	**%**	
90 - 100	21	*20.39*	Outstanding
85 - 89	5	*4.85*	Very Satisfactory
80 - 84	32	*31.07*	Satisfactory
75 - 79	9	*8.74*	Fairly Satisfactory
Below 75	36	*34.95*	Did Not Meet Expectation
Total	103	*100*	
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*78.34* *6.26* *Fairly Satisfactory*		

May kabuoang *(Weighted Mean = 78.34, SD = 6.26)* at *(pinakamababang marka = 47, pinakamataas na marka = 100)* ipinapakita na ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulit ay may mapaglarawang katumbas na *Fairly Satisfactory.*

Pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita sa Pagtatasa sa Leksikal na Inobasyon

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan sa Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita sa Pagtatasa sa Leksikal na Inobasyon ayon sa Pagtanggap ng Tagagamit ng Wika, Pagbabago sa Anyo at Kahulugan, Pagpapalawak ng Bokabularyo, Pagkakaroon ng Interes, at Pagtaas ng Kasanayan, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.

Isang makabuluhang positibong ugnayan ang napagmasdan sa pagitan ng Kaalaman sa Salita at Leksikal na Inobasyon, ($r(102) = .758, .810, .754, .724$, $p < .05$), at mayroon din makabuluhang positibong ugnayan ang napagmasdan sa pagitan ng Kalinawan ng Kahulugan at Leksikal na Inobasyon na may magandang ($r(102) = .742, .725, .790, .696, .735$, $p < .05$), Disenyo at Leksikal na Inobasyon at may kaugaliang makamit ($r(102) = .846, .881, .860. .852, .698$, $p < .05$), at mayroon din makabuluhang positibong ugnayan ang napagmasdan sa pagitan ng Teknikal na Aspeto at Leksikal na Inobasyon na may ($r(102) = .894, .892, .840$, $p < .05$). Ito ay nagpapahiwatig na ang madalas na Pagpapalihan at Paglalapat na Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita ay nagpapakita ng pagtaas ng Pagtatasa. At ito ay nagpapakita ng ugnayan ng mas mabuting Leksikal na
Inobasyon.

Talahanayan 13

Makabuluhang Kaugnayan ng Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita sa Pagtatasa sa Leksikal na Inobasyon

Liksyunaryo		**Pagtanggap ng Tagagamit ng Wika**	**Pagbabago sa Anyo at Kahulugan**	**Pagpapalawak ng Bokabularyo**	**Pagkakaroon ng Interes**	**Pagtaas ng Kasanayan**
Kaalaman sa Salita	Pearson Correlation	.758**	.810**	.806	.754*	.724**
	Sig. (2-tailed)	.035	.021	.175	.027	.024
	N	102	102	102	102	102
Kalinawan ng Kahulugan	Pearson Correlation	.742**	.725***	.790**	.696**	.735**
	Sig. (2-tailed)	.003	.004	.022	.005	.002
	N	102	102	102	102	102
Pag-unawa sa Bagong Salita	Pearson Correlation	.827	.834*	.828	.802	.736
	Sig. (2-tailed)	.114	.101	.469	.090	.098
	N	102	102	102	102	102
Konteksto ng Paggamit	Pearson Correlation	.839	.869	.831	.815	.702
	Sig. (2-tailed)	.092	.064	.425	.072	.102
	N	102	102	102	102	102
Disenyo	Pearson Correlation	.846**	.881**	.860*	.852**	.698**
	Sig. (2-tailed)	.003	.000	.044	.001	.012
	N	102	102	102	102	102

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Teknikal na Aspeto	Pearson Correlation	.894*	.892*	.893	.840*	.751
	Sig. (2-tailed)	.040	.038	.382	.050	.071
	N	102	102	102	102	102

Habang walang nakitang istatistikang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng Pag-unawa sa Bagong Salita at Leksikal na Inobasyon ($r(102)$ $p > .05$). At wala rin nakitang istatistikang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng Konteksto ng Paggamit at Leksikal na Inobasyon ($r(102)$ $p > .05$). Ito ay nagpapahiwatig na sa loob ng grupong ito, ang Pag-unawa sa Bagong Salita at Konteksto ng Paggamit ng Liksyunaryo ay hindi makabuluhang hinulaan ang Leksikal na Inobasyon, at ito ay salungat sa ilang anecdotal na inaasahan.

Upang matukoy naman ang makabuluhang epekto ng Liksyunaryo ng
mga Makabagong Salita sa Pagganap ng mga Mag-aaral, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Analysis of Variance*.

Pagsusuri ng paghahambing sa Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita sa Pagganap ng mga Mag-aaral

Talahanayan 14

Makabuluhang Epekto ng Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita sa Pagganap ng mga Mag-aaral

Source	***df***	***SS***	***MS***	***F***	***p***	***M***	***SD***
Liksyunaryo	6	206.7	34.45	0.87	.52	39.17	6.25
Residual	96	3788	39.46			4.39	0.17
Total	102	3994					

Note: M = Mean; *SD* = Standard Deviation, $p < .05$

Ang kasalukuyang pag-aaral ay sinisiyasat ang epekto ng Liksyunaryo ng Umuusbong na Salita sa Pagganap ng mga Mag-aaral.

Ang *analysis of variance* ay nagpapakita ng mahalagang pagkakaiba sa kanilang Umuusbong na Salita at Pagganap ng mga Mag-aaral $F(6, 96) = 0.72$, $p = .52$. Ito ay nagpapahiwatig na ang Liksyunaryo ay walang epekto sa Pagganap ng mga Mag-aaral. *Post hoc analyses* gamit ang *Tukey's HSD criterion* nagsiwalat na ang *mean score* sa Pagganap ($M = 4.39$, $SD = 0.17$) ay hindi gaanong nagkakaiba ($p = .52$).

4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pamamagitan mga nakalap at inanalisang datos, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo:

Malinaw na mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Liksyunaryo at Leksikal na Inobasyon ng Umuusbong na Salita sa Filipino kung kaya ang haypotesis na walang makabuluhang ugnayan ay hindi tinatanggap. Ipinapakita nito na ang paggamit ng Liksyunaryo ay nagsisilbing mahalagang sanggunian sa pagkatuto ng makabagong wika partikular sa pagpapalawak ng bokabularyo at pag-unawa sa mga bagong salita.

Sa kabilang banda, walang makabuluhang epekto ang napagmasdan sa pagitan ng Liksyunaryo at pagganap ng mga mag-aaral kung kaya ang haypotesis na walang makabuluhang epekto ay tinatanggap. Ipinahihiwatig nito na bagama't nagsisilbing mahalagang sanggunian ang Liksyunaryo sa pagpapalawak ng bokabularyo at pag-unawa sa mga umuusbong na salita, hindi ito sapat na salik upang direktang mapabuti ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

REKOMENDASYON

Batay sa resulta ng mga datos na nakalap, inirerekomenda ng mananaliksik na:

1. Inirerekomenda sa mga mag-aaral na basahin at unawaing mabuti ang nilalaman ng Liksyunaryo upang mapalawak pa ang kanilang bokabularyo hinggil sa mga bagong umuusbong na salita sa Filipino at mapahusay ang kanilang kakayahang komunikatibo sa araw-araw na pakikipagtalastasan.
2. Binibigyang-suhestiyon din ang mga guro na gamitin ang Liksyunaryo bilang karagdagang materyal sa pagtuturo upang maging mas interaktibo, makabuluhan, at kontekstuwal ang pagtalakay sa mga aralin tungkol sa wika at leksikal na inobasyon.
3. Iminumungkahi rin sa Kagawaran ng Edukasyon na gamitin ang Liksyunaryo bilang kagamitang panturo sa angkop na asignatura upang higit na mapayabong ang wastong paggamit, pag-unawa, at pagpapahalaga sa wikang Filipino, lalo na sa konteksto ng makabagong panahon.
4. Iminumungkahi rin sa mga Curriculum Developer na isama sa kurikulum o mga gawaing pampagkatuto ang mga makabagong salitang nakapaloob sa Liksyunaryo upang mas madaling maipaloob sa kamalayan ng mga mag-aaral ang kanilang kahulugan at wastong gamit.
5. Inirerekomenda rin sa mga susunod pang mananaliksik na magsagawa pa ng karagdagang pag-aaral na nakatuon sa bisa ng Liksyunaryo bilang kagamitang panturo sa iba't ibang antas ng edukasyon upang higit pang mapatibay ang resulta ng kasalukuyang pananaliksik.

SANGGUNIAN

1. *Lightbown, P. M., & Spada, N. (2018). How languages are learned. Oxford University Press.*
2. *MacIntyre, P. (2017). Willingness to communicate in the second language. Oxford University Press.*